Tinig PEDRO CALUNGSOD
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH
APRIL—MAY, 2014 * 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY * VOLUME 2, ISSUE 4

# NAHANAP MO NA? HINAHANAP KA DIN NIYA.

"Uy, nahanap mo na ba?" Yan ang usual question sa atin pag tayo ay nababalisa or di kaya naman ay nagpapanic na kasi may hindi tayo makita na kailangang-kailangan natin! Madalas pa nga, ang isang bagay na hinahanap mo ay nawawala 'pag kailangan na natin, pero pag hindi naman ay mabilis nating nakikita. During Easter Sunday, sa parokya ay nagkakaroon ng Easter Egg Hunt, siyempre, for kids at ito ay organized by kids at heart. Nakakatuwang tingnan ang mga batang maliliit na gustong-gusto talagang makahanap nang makukulay na itlog na itinago beforehand. Ang mga itlog na ito ay mayroong premyo, whether barya, candies, chocolates or even yung pang grand prize na cake and stuffed toys. Siyempre para sa mga chikiting, ito'y isang napakasayang laro. Naalala ko pa nga ang isang bata na ayaw pang umuwi dahil "hindi pa daw niya nakikita yung isang itlog at meron pa daw nakatago." Kapag tayo ay naghahanap nang mabuti, tayo'y makakakita. Sabi nga sa Matthew 7:7, *"Ask and it will be given to you; __seek and you will find__; knock and the door will be opened to you."* Noon pa lamang, planado na ni Lord ang mga mangyayari sa atin. Oo, sa iyo, sa akin at sa lahat ng tao. Alam niya kung anong kaya natin, alam niya rin ang kahinaan natin. We often ask for a lot of things, and we expect na ibibigay agad ito ng Diyos. Pero hindi pala ganun yun. Pwedeng ibigay niya agad-agad, karakaraka! Pwede rin namang madelay ng konti. Or pwede ring hindi niya ibigay yung pinakahinihingi mo. But don't worry. Pag hindi niya yun binigay sa'yo, mayroon siyang ipapalit na mas maganda at mas karapat-dapat para sa'yo. Do you seek Him? O wala lang, hiling ka lang nang hiling sa kanya? Hinahanap mo ba Siya? Inaasam-asam mo ba ang presensiya Niya? Gusto mo ba Siyang Makita at yakapin? How will you find something if you do not seek for it. Minsan tayo'y nagkukulang sa determination sa paglapit sa Kanya, sa pagsunod sa kanya. Inaantay Niya tayo. Sabi nga diba, kumatok ka lang at magbubukas ang pinto para sa atin. Katok lang friend, or kung gusto mo doorbell lang! Pare-pareho lang yan pagdating sa Diyos. Walang mahirap, walang mayaman, walang maganda, walang pangit, pagdating sa kanya. Pantay-pantay tayo, friend. Kaya hamon ko sa'yo, oo, ikaw na nagbabasa ngayon, balik tayo sa Kanya. Inaantay Niya kasi tayo. Maya-maya, kausapin mo Siya! Nakikinig lang Siya, andiyan lang Siya sa tabi natin. :)


-Rowell Anne Santos




# SANTACRUZAN: ISANG TRADISYON AT DEBOSYON

Last May 31, Sabado, naganap sa ating parokya ang pinakahihintay na Santacruzan. Ito ay nilahukan ng mga magagandang dilag mula sa iba't-ibang organizations and ministries. Bago ang prusisyon, nagdasal muna ang mga sagala kasama ang Legion of Mary at ang mga kasama nilang iilaw. Isang short video sana ang ipapapanuod sa mga sagala ngunit hindi marinig ang sounds kaya't minabuti ng mga kasaping LOM na ipaliwanag nalang ito. Binigyang-diin ni Sis. Joezel Polintan ang kahalagahan ng bawat karakter na binibigyang-buhay ng bawat sagala. Isa sa may pinakamahalagang role sa mga sagala ay ang Reyna Elena. Siya ang nakakita sa sinasabing krus ni Hesus sa Jerusalem. Maraming karakter ang kasama sa Santacruzan na nagrerepresenta sa iba't-ibang tao o grupo ng mga tao noong panahon pa ni Hesus at noong unang dumating ang Kristiyanismo sa ating bansa. Itong Santacruzan ay hindi lamang naging tradisyon na sa ating parokya, kundi sa napakaraming lugar sa Pilipinas. Masuwerte tayo at mayroon tayong ganitong debosyon para kay Maria. Hindi dapat natin isantabi ang mga ganitong tradisyon sapagkat marami itong epekto sa ating buhay.

# MAMA MARY LOVES YOU!



Tuwing sasapit ang buwan ng Mayo, napakagandang tradisyon ang pag-alay ng bulaklak sa mahal na Ina. Ito din ay sinasamahan ng katesismo, pagdarasal ng Santo Rosario, Santa Cruzan at banal na misa. Napakasarap isipin na may isang Inang nagmamahal sa atin nang lubos. Walang ibang hangad kundi ilapit tayo sa kanyang Anak na si Hesus. Samantalahin sana natin ang buwang ito para maipakita ang ating pagmamahal sa ating Ina. Sana maging Inang Maria tayo sa iba. Gumagawa ng paraan para mailapit at makilala si Hesus. Naging Maria ka na ba para sa iba? Nailapit mo na ba ang iyong sariling pamilya kay Hesus? Kung wala pa, kailan? Nawa ang buwan ng Mayong ito ay maging daan at pagkakataon na maipakita natin ang ating pagmamahal sa kanya bilang Ina at nagbubuklod sa atin kay Kristo.

*- Fr. Bebot Catuiran, Kura Paroko*

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**

**-San Guillermo Parish**
DAILY MASS (Tagalog):
Mondays—6:00AM
Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

Sunday
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass); 9:00AM;
4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-Chapels-**
**1) San Joaquin Chapel**
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
**2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
**3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
**4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month – (English) 10:30 AM
**5) Grand Monaco Homes—** every 4th Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
**Confession**
Wednesday & Friday—5:30PM
**Baptism**
Sunday—11:30AM
**Wedding**
kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call**—anytime
**Blessing**—by appointment
**Funeral Mass**—by appointment
**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus—5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00 AM to 5:00 PM

# MUNTING KATESISMO

## MGA DAPAT MALAMAN NG KATOLIKO UKOL SA 'CORPUS CHRISTI'

——Bro. Barry Villanueva

**ANO ANG 'CORPUS CHRISTI' ? -** Ang **'Corpus Christi'** ay salitang Latin na ang literal na kahulugan ay **'Katawan ni Kristo'.** Ito ay isang Dakilang Kapistahan ng Simbahan bilang pagpaparangal sa Eukaristiya, ang Sakramento nang pagbabago ng tinapay at alak bilang Katawan at Dugo ni Kristo.

**KAILAN ITO IPINAGDIRIWANG? -** Sa Pilipinas, ang Dakilang Kapistahan ng Katawan at Dugo ni Kristo ay ipinagdiriwang sa Linggo matapos ang Linggo ng Banal na Santatlo (**Sunday after Holy Trinity**). Papatak ito ngayong taon sa **ika-22 ng Hunyo.**

**BAKIT MAHALAGA NA IPAGDIWANG NATIN ITO? -** Isinasaad sa Katesismo ng Simbahang Katoliko na ang Eukaristiya "**ang pinagmumulan at ang kaganapan ng ating buhay-kristiyano**" (CCC, 1324) at ang lahat ng iba pang sakaramento ay naka-ugnay rito. Marapat lamang na bigyan ito ng halaga sapagkat sa Eukaristiya "**naroon si Jesus sa kanyang ganap na personal na katotohanan**, at sadyang bilang 'inialay-para-sa-atin' "(KPK, 1716).

Ang pagsamba sa Muling nabuhay na Kristo sa Eukaristiya ay **umaakit sa atin ng higit na matalik na pakikipagkaibigan kay Kristo, nagpapalalim sa ating pakikipagbahaginan sa kanyang Misteryong Pampaskuwa at nagtatatag ng sentro kung saan, sa katapusan, ang ibang anyo ng kabanalan ng Katoliko'y nagsasama-sama.** Bukod rito, itinatanim nito sa atin ang pag-ibig na panlipunan para sa lahat ng nakikibahagi ng nakapagliligtas na pag-ibig ni Kristo (KPK, 1759).


**PAANO ITO IPINAGDIRIWANG SA ATING PAROKYA? -** Katulad ng iba pang Dakilang Kapistahan, ipinagdiriwang natin ang Corpus Christi sa pamamagitan ng selebrasyon ng Banal Eukaristiya o Banal na Misa. Sa ating parokya, naglalaan din tayo ng Banal na Oras (Holy Hour) kasama ang Banal na Sakramento at susundan ng isang Prusiyon.

**ANO ANG NARARAPAT NATING GAWIN? -** Sa Banal na Sakramento, naroon ang Tunay na Presensya ni Kristo, kaya marapat lamang na **ang bawat katoliko** na makasasalubong sa prusisyon o makakikita nito **ay magbigay ng nararapat na paggalang sa pamamagitan ng pagluhod na pasamba (genuflection) o pag aantanda ng krus.**

# DIKSIONARYO

### (BIBLE WORDS & MEANING)


**Researcher: Bro. Junie Gulle**



Halina at maglakbay dito sa mga lugar kung saan matatagpuan ang ating Panginoon. Mahalaga natin malaman kung saan lugar lumaki, pumunta, at nagturo si Hesuskristo noong siya ay nag katawang-tao. Samahan ninyo po ako at ating alamin kung ano bang meron sa mga lugar na ito . . .

1. Ang **Betlehem** o **Belen** - ay isang lungsod sa Kanlurang Pampang. May kahalagahan ang lungsod na ito sa relihiyong Kristyanismo dahil ayon saBibliya ay ito ang lugar na kinapanganakan ni Hesus ng Nazareth noong unang siglo BCE hanggang unang siglo CE. Dito rin naninirahan ang isa sa mga pinakamalalaking komunidad ng mga Kristyanong Palestinong natitira pa sa Gitnang-Silangan. Tinatawag na **Belenita** ang isang taong taga-Belen o nagmula sa Betlehem.

2. Ang **Herusalem** na matatagpuan sa talampas sa bulubundukin ng Judea sa pagitan ng Dagat Mediteraneo at Dagat Patay, ay isa sa pinakamatandang lungsod sa daigdig. Itinuturing itong banal na lungsod ng tatlong pangunahing relihiyong Abrahamiko—ang Hudaismo, Kristiyanismo at Islam. Parehong inaangkin ng mga Israeli at mga Palestino ang lungsod bilang kanilang kabisera.




3. Ang **Nasaret** ay isang lungsod sa hilagang Israel at ang pinakamalaking lungsod na Arabo sa bansa.

4. Ang **Galilea** ay ang hilagang bahagi ng lupain ng Palestina. Ayon sa Bibliya, lumaki si Hesus sa bayan ng Nasaret, na nasa Galilea. Maraming naisagawang gawain ng mga pagtuturo si Hesus sa Galilea.

5. Ang **Canaan** o **Canan** ay isang pook na nabanggit sa Bibliya. Ito ang lupaing ipinangako ng Diyos na ibibigay niya sa Israel. Matatagpuan ito sa silanganing dulo ng Dagat Mediteraneo kung saan nagtatagpo ang Asya, Europa, at Aprika. Tinatawag na mga **Cananeo** o mga **Canaanita** ang mga mamamayan ng Canaan, o mga taga-Canaan.

*(--http://tl.wikipedia.org*

# FEATURE
## MINISTRY OF ALTAR SERVERS

——Sis. Mina Anore (sa tulong ni Kuya Renz Perfenia at Sem. Jay Dador)

TINAWAG UPANG MAGLINGKOD
SAKRISTAN.....
ALTAR BOY.....
ALTAR SERVER.....

Sa bawat Santa Misa na ipinagdiriwang sa ating parokya, hindi mawawala ang mga batang tagapaglingkod na madalas ay nakasuot na damit na puti na animo'y mga anghel na nagdadala ng mga gamit na gagamitin sa banal na pagdiriwang.

Ang mga kabataang ito ay miyembro ng MINISTRY OF ALTAR SERVERS (MAS) ng San Guillermo Parish. Ang ministeryong ito ay nakatuon sa paglilingkod sa mga gawaing panliturhiya ngParokya at pagpapalaganap ng Kristyanong kapatiran sa pamamagitan ng Spiritual Formation.

Sa pamamagitan ng ministeryong ito ng paglilingkod, ang mga kabataang miyembro ay inaasahang maihanda bilang mga servant-leaders ng parokya sa hinaharap. Inaasahan din makintal sa kanila ang pag-ibig para sa Diyos at para sa simbahan.

Sa ministeryo ding ito inaasahan na maitanim sa puso ng mga kabataan ang punla ng bokasyon sa pagpapari at pagiging relihiyoso.

Sa kasalukuyan ay mayroong 65 na miyembro ang Ministry Of Altar Servers (MAS) sa ating parokya: 31 mula sa SGP, 25 mula sa Lexington Garden Village Chapel, 4 mula sa San Joaquin Chapel, 2 mula naman sa East Mansion Chapel,3 mula sa Ulilang Kawayan at sa ngayon may 10 mga bagong hinuhubog na karagdagang kasapi ng Sakristan

Lahat tayo bilang kaanib ng buhay na katawan ni Kristo sa parokya ng San Guillermo ay may bahaging ginagampanan sa pagpapalaganap ng pananampalataya. At katulad ng mga batang myembro ng Ministry na naglaan ng sarili sa paglilingkod sa Dambana ng Diyos, bawat isa din sa atin ay tinawag......tinawag upang maglingkod.

Kaya kung ikaw ay batang lalaki at may gulang na 14-18, maaari kang maging kasapi ng Ministry of Altar Servers ng parokya, makipagkita o kausapin lang sina kuya Renz, Kuya onic, kuya Robbie tuwing Linggo, pagkatapos ng bawat Misa.



| | | |
|---|---|---|
| Coordinator | - | Bro. Renz Millard Perfenia |
| President | - | Bro. Archie Dominic Lao |
| Vice Pres. | - | Bro. Robbie Zer Santiago |
| Secretary | - | Bro. Albert Del Rosario |
| Treasurer | - | Bro. Christian Asuncion |
| P.R.O. | - | Bro John Henrie Geronimo |



# PERSONALITY IN FOCUS

By Mary Ann Ochoa

### BRO. CLODUALDO 'BOY' JADAONE, LAY COORDINATOR, PARISH PASTORAL COUNCIL



Mapalad ang San Guillermo Parish sa pagkakaroon ng PPC Lay Coordinator na katulad ni Bro. Boy. Si Bro. Boy ay magandang halimbawa ng isang lider na "binding force" ng samahan ng simbahan dahil sa kanyang magandang pakikitungo sa lahat, opisyal man o regular na kasamahan natin sa parokya. Laging nakangiti, hindi sya kakikitaan ng pagkabagot sino man ang kausap, pero marunong din namang magtuwid ng kamalian ng mga kasamahan nating "naliligaw ng landas".

Taong 1993 ng sumagot sa tawag ng paglilingkod si Bro. Boy, kasama ng kanyang may bahay na si Aida Hilario, ng sila ay imbitahan ni Bro Remy Hilario ng San Joaquin Chapel na dumalo sa Christian Life Program ng Couples for Christ. Mula noon ay hinawakan nyang matagumpay ang iba't-ibang posisyon sa San Joaquin Chapel at sa San Guillermo Parish: sa San Joaquin ay naging Special Minister of the Holy Communion at napiling Vice Coordinator ng Chapel Council. Sa San Guillermo Parish, napili syang Worship Ministry Coordinator ni Fr. Fil Tarroza, naging PPC Vice Coordinator, and the rest is history.

Ipinanganak sa Bassey, Samar, sI Bro Boy ay iminulat ng kanyang mga magulang at lolo sa pang araw-araw na pagdarasal lalo na sa pagdarasal ng Angelus tuwing ika 6 ng gabi. Si Señor Sto. Niño ang kanyang laging gabay at naging Hermano siya ni Sto. Niño nung kanyang kabataan. Biniyayaan ng tatlong anak sina Bro Boy at ang kanyang may bahay na si Sis Aida: si Antoinette, Nathalia, at Juan Paolo, na pawang nagsipagtapos nang pag-aaral at tumutulong sa kanilang mga magulang. Ang kanilang panganay, si Antoinette, ay aktibo sa Media, at nakatanggap nang maraming parangal sa kanyang paggawa ng magagandang short films. Silang mag-asawa ay magka-agapay sa pamamahala ng negosyo ng kanilang pamilya, ang P&H Trading.

Hindi kalian man pinangarap ni Bro Boy na maging aktibo sa gawaing Simbahan, ngunit ngayon ay isa sya sa mga haligi ng San Guillermo Parish. Pangarap nyang mapatibay ang foundation ng lahat ng naglilingkod sa ating Panginoon, lalo na ang BEC (Kawan) sa pamamagitan ng kanilang patuloy na pagdalo sa mga seminars na kanilang kapupulutan ng mga aral tungkol sa Leadership, Spirituality, at Stewardship. Masidhi nyang ninanais na maisakatuparan ang Mission and Vision ng ating Parokya, at higit sa lahat, ang pagpapagawa ng bagong simbahan para sa mga taga Parokya ni San Guillermo. Ang kanyang inspirational by-line: "With God's guidance, nothing is impossible".

# PARISH EVENTS

Mina Anore

APRIL 26, 2014 – Ipinagdiwang ng Parokya ni San Guillermo ang ika – 21 taong pagkakatatag nito . . . sinimulan sa Banal na Misa na pinangunahan ni Padre Bebot Catuiran, sinundan ng isang masayang Walk for a Cause, na may temang "LAKAD KO, ALAY KO KAY SAN GUILLERMO" ang nakalap na halaga dito ay karagdagan pondo para sa pagpapagawa ng BAGONG SIMBAHAN, at nagtuloy sa Buting Elementary School, upang isagawa ang nakakapagod, mainit, ngunit sama-sama, nagkakaisa kahit na anong organisasyong ka kabilang, at sa inaasahan ng lahat, natapos itong matagumpay, may ngiti sa mga labi, may matamis na mga kendi at improvised na munting alaala awards . . . sa mga susunod na pagdiriwang uli . . . kita kita tayo ha.











--Sundan sa pahina 4

# PARENTING

By: Sis. Mary Ann Ochoa

## PICNIC, OUTING, SWIMMING…

Summertime is bonding time: walang pasok, kaya libre ang mga bata, anumang oras na pwedeng magsama-sama ang buong pamilya, whether sa picnic, outing, swimming, hiking, basta sama-sama, masaya! Mataas ang excitement level ng mga kabataan kapag may pinaplanong summer outing kasama ng kanilang barkada, basta ka-edad nila. Bilang magulang gusto din naman natin na mag-bonding kasama ng ating mga anak at iba pang mga mahal sa buhay, di ba?

Pag-usapan natin ang mga paraan ng pag-e-enjoy ng summer kasama ng ating pamilya. Isipin natin ang panahon: mainit, maaraw, may manaka-nakang pag-ulan, malakas ang hangin sa ibang lugar, pero generally, maalinsangan. Saan ba magandang pumunta? Saan ba mag-eenjoy ang mga bata? Anong oras ang pinaka-comfortable na oras ng outing? Ang tamang oras ng pag-alis ng bahay? Ano bang mga pagkain ang mga gusto nilang kainin? Anong fun ang hinahanap nila? Iyan ang mga bagay na dapat nating isipin kapag kasama natin ang mga bata sa outing. Sa pagkain, tanungin natin sila kung ano ang gusto nilang baunin, hindi ang gusto natin, kasi sila ay dapat ding mag-enjoy.

Hangga't maari, mas maganda na mga kapamilya muna ang kasama sa outing kapag high-school age pa ang mga bata. Totoong bonding moments kapag ang buong pamilya ay sama-sama sa outing. Mas safe ang feeling natin, alam natin na nasa mabubuting kamay ang ating mga anak, at kapag nandiyan tayo, sigurado tayong makakabalik sila ng bahay ng matiwasay at walang inaalala. Tayong mga magulang ay hindi natatahimik kapag ang ating mga kabataang anak ay wala sa bahay kung gabi na sa ordinaryong araw, kaya mas lalo tayong nag-aalala kapag malayu-layo ang pupuntahan nila at hindi tayo kasama.

Paano kung mapilit ang anak at idinaan pa sa pag-iyak ang pagpapalam? Sige na nga, payag na tayo, pero siguraduhin natin na alam natin lahat ng detalye sa kanilang outing: Isang magandang paraan ay ang pagsali natin sa pagpa-plano ng outing ng mga bata. I-encourage na sa bahay natin mag-meeting. Ating kilalanin ang kanilang makakasama, alamin ang lugar na kanilang pupuntahan, alamin ang mga facilities ng lugar na pupuntahan, ano ang kanilang sasakyan, sino ang magmamaneho ng sasakyan. Mahalagang malaman natin ang mge detalyeng ito. Sumali din tayo sapagsasa-ayos ng pagkaing kanilang dadalhin at kabawal-bawalan ay ang pagdadala o pagbili ng beer o anumang inuming nakalalasing. Hangga't maari, ay may kasama silang isa o dalawang may edad upang kanilang maging gabay o tagapag-paalala sa mga dapat o hindi dapat gawin.

Napakahalaga din ang pagpapa-alala tungkol sa kanilang pagdarasal bago umalis ang sasakyan para malayo sila sa disgrasya. Himukin silang huminto sa madaraanang simbahan para manalangin. Mayroong isang dasal na namana namin sa ninuno ng aking asawa na gusto kong i-share sa inyo and here it goes:

"Hesus, Hesus, Maria Hosep, iligtas po kami sa panganib, Panganib man po'y sapin-sapin ang sa tao'y dumarating ay magdaraang parang hangin. Kung Kayo po Ama ang syang tatawagin". Maraming beses na pong nabingit ang aking asawa at pamilya sa kapahamakan ngunit parang hanging dumaan lamang, at kami ay lubos na nananalig na inililigtas kami palagi ng panalanging ito". Marami din pong mga dasal na ating nakakasanayang idalangin bago tayo umalis ng bahay. Napakagandang kaugalian iyan na hindi dapat aalisin ninuman. Agree po ba tayo?




Inihanda ni Sis. Izy Molano

Si San Pedro Calungsod ay isang kabataan mula sa Pilipinas. Siya ay nagpunta bilang isang misyonero sa Guam para tulungan ang isang Spanish Jesuit na Pari na si Blessed Diego Luis de San Vitores. Sila ay nagturo tungkol kay Kristo at sa pananampalatayang Kristiyano sa mga taong naninirahan doon. Marami ang naniwala at sumunod sa kanila na nagdulot ng inggit at selos sa ibang mga nanirahan doon na hindi naniwala kay Hesus.

Sila ay inakusahan na naglagay ng lason sa tubig ng binyag sa isang batang nagkasakit pagtapos binyagan. Inatake sila ng mga taong kumalaban sa kanila upang patayin. Si Pedro na bata ay maaari namang makatakas ngunit buong tapang niyang ipinagtanggol si Padre Diego hanggang siya ay nasaksak hanggang sa mamatay. Sila ay parehas namatay bilang martir sa kagustuhan nilang maituro sa mga tao ang Ebanghelyo.

Si San Pedro Calungsod ay Patron ng mga kabataan at ang kanyang Pista ay tuwing April 2.

CHOOSE TO BE BRAVE
YEAR OF THE LAITY
Called to be saints. Sent forth as heroes!

# PARISH EVENTS LENTEN SEASON





Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH
SAN GUILLERMO PARISH PASIG CITY

**EDITORIAL STAFF:**
Mina M. Anore
Rowell Anne Santos
Joezel Polintan
Barry Villanueva
Junie Gulle
Kyrie Lababo
Mary Ann Ochoa
**CIRCULATION STAFF:**
Renz Perfenia
Kyrie Lababo
Marck Sumulong
Archie Lao
AJ Esmile Sanchez
**ADVISER:**
Fr. Joeffery Brian Catuiran
**PRINTER:**
R.O. SANTOS

**FOR COMMENTS & SUGGESTIONS**

**CONTACT US:**
103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Landline: 642-8051
e-mail address: sgp_media@yahoo.com
facebook.com/sanguillermopasig